

Fath al-Mu'in Fi Taqrib Manhaj al-Sālikīn Wa Tawdīh al-Fiqh Fī al-Dīn

Inihanda ni: Sheikh Haytham Bin Muhammad Sarhan (hafidhahullah)
(Dating tagapagturo sa Masjid ng Propeta ﷺ)

ANG MGA KATURUAN NG ZAKAAT AL-FITR:

Ito'y obligado sa mga Muslim na inabutan ng paglubog ng huling araw sa Ramadhan, siya man ay matanda o bata, lalaki o babae, alipin man o hindi. Mainam na sila'y may saktong kaluwagan sa buhay sa buong araw ng Eid, kayamanan na sapat para sa kanilang sarili at para sa kanilang pamilya.

Ito'y inirerekomenda (at hindi obligado) para sa mga namumuong sanggol.

Ang dahilan sa likod ng pagbibigay ng Zakaat Al-Fitr:

- Ito ay nabibilang na paglilinis at pagpapatawad ng mga maling nasabi at nagawa habang ang isang Muslim ay nag-aayuno.
- Ito ay pagtugon at pagtulong sa mga mahihirap sa araw ng Eid.

Oras ng pagbibigay ng Zakaat Al-Fitr:

Isa o dalawang araw bago ang araw ng Eid

Maaaring ibigay ang Zakaat Al-Fitr bago ang Salat-ul-Eid pagkatapos ng Salat-ul-Fajr

Ipinagbabawal na ito'y ibigay pagkatapos ng Salat-ul-Fajr

Ang ibinibigay bilang Zakaat Al-Fitr:

Isang Sa'a (sukatan ng bigat na nasa pagitan ng 2.40 kg - 3 kg) ng karaniwang kinakain ng tao sa iyong lugar. ang pagsukat ay depende sa klase ng pagkain.

Ang pagbibigay ng pera ay hindi nabibilang na Zakaat Al-Fitr

Mga uri ng pagkain at ang kanilang sukat at bigat:

Harina: 1400g

Trigo: 2040g

Beans: 2060g

Semolina: 2000g

Lentils: 2100g

Dates/Datiles: 1800g

Bigas: 2300g

Chickpea: 2000g

Raisins/Pasas: 1640g

Mga uri ng Zakaat base sa tumatangap at bilang nila:

[1] Kung saan hindi tinukoy ang pagbibigay ng kabuuang halaga, kagaya ng **Zakaat Al Fitr**.

[2] Kung saan espesipiko na binanggit ang pagbibigyan at dami ng ibibigay, kagaya ng **kabayaran kapalit ng pinsalang iyong naidulot: "Magpakain ng anim na mahirap; kalahating Sa'a sa bawat mahirap"**.

[3] Kung saan espesipiko na binanggit kung sino ang magbibigay at tatanggap, at hindi ang halaga ng ibibigay, kagaya ng **kabayaran sa panunumpa**.